Volume 4 Issue 3
Jul - Sep 2024

# THE CURRENT

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEM-CALACA POWER CORPORATION
AT SOUTHWEST LUZON POWER GENERATION CORPORATION

(SUBSIDIARIES OF SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION)

## WAYS ON WASTES (WOW): Basura ko, Ipon ko Project at Solid Waste Management Awareness Campaign

Pahina 6




**Tingnan: SCPC at SLPGC, nagsagawa ng eye check-up activity at Dengue health lecture**
Pahina 3

**SCPC at SLPGC, pinarangalan sa Blood Donors' Recognition Ceremony ng Philippine Red Cross**
Pahina 4

**Tungo sa Malinis na Kapaligiran: SCPC at SLPGC, muling pinarangalan ng DENR Environmental Management Bureau**
Pahina 7

The Current NEW DESIGN - Q3 2024 - Volume 4, Issue 3_8 pages.indd 1 12/10/2024 11:03:09 AM



## Charlie V. Robles
Vice President and
Power Complex Manager

Kami po ay lubos na nagagalak na makita ang mga inisyatibo at proyektong naisakatuparan natin sa mga nakalipas na taon ay nagbubunga na. Ang lahat ng ito ay naging posible dahil sa inyong walang sawang suporta at pakikiisa. Asahan ninyong ang SCPC at SLGPC ay patuloy na maglulunsad ng iba't ibang programa para sa komunidad.

Sa pangatlong kwarter ng taon, nagsagawa tayo ng libreng medical missions, dental check-ups at nagbigay ng libreng gamot sa komunidad. Nakibahagi rin tayo sa Adopt-a-Forest program kung saan nakapagtanim na tayo ng mahigit 10,000 puno sa Mt. Patugo sa Balayan. Dagdag pa rito ay magpapatuloy ang ating scholarship program para sa mga future engineers.

Katuwang ninyo kami sa inyong hangarin para sa isang mas maunlad na pamumuhay. Bukas din kami sa inyong mga suhestyon at opinion upang patuloy na mapabuti ang ating mga programa sa komunidad. Muli, maraming salamat, at hangad ko'y manatiling masigla at matatag ang ating samahan.



## Julius D. Escala
Accounting Manager
Sem-Calaca Power Corporation

Isang mapagpalang pagbati sa mga mamamayan ng ating host communities!

Sa mga nagdaan na taon, patuloy tayong nakapagsasagawa ng mga makabuluhang proyektong naglalayong paunlarin ang ating komunidad. Ang lahat ng ito ay naging possible dahil sa inyong walang-sawang suporta at pakikipagtulungan.

Hinihikayat ko ang bawat isa na patuloy pang palakasin ang ating pagtutulungan para sa mga proyektong makakatulong sa komunidad. Kasama na rito ang progresibong paggamit ng ER 1-94 funds na ibinibigay sa ating mga host communities, na maaaring ilaan para sa mga programang may kaugnayan sa reforestation, watershed management, health at environment, development at livelihood, at electrification.

Mula sa SCPC at SLPGC, maraming salamat at naniniwala kaming patuloy tayong magtatagumpay nang magkakasama!

THE CURRENT

**Editorial Adviser:** Charlie V. Robles
**Editor in Chief:** Portia M. Vizconde
**Managing Editor:** Ellaine R. Macayan
Myrla D. Ong Gue
**Associate Editor:** Vincent M. Humarang
**Editorial Assistant:** Katlyn P. Rosales
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

Republic of the Philippines Department of Energy
Semirara Mining & Power Corporation
Sem-Calaca Power Corporation
Southwest Luzon Power Generation Corporation

## MGA NILALAMAN

**02**
Mga Mensahe

**03**
Gulayan sa Paaralan ng DepEd, suportado ng SCPC at SLPGC
Libreng tuli para sa mga barakong Calacazens at Balayeños
Tingnan: SCPC at SLPGC, nagsagawa ng eye check-up activity at Dengue health lecture

**04**
Ngiting Tagumpay: SCPC at SLPGC nagsagawa ng Dental Medical Mission
SCPC at SLPGC, pinarangalan sa Blood Donors' Recognition Ceremony ng Philippine Red Cross

**05**
Brigada Eskwela 2024: pagtutulungan para sa matatag na paaralan
MALASAKIT: Paghahatid ng tulong sa gitna ng sakuna

**06**
WAYS ON WASTES (WOW): Basura ko, Ipon ko Project at Solid Waste Management Awareness Campaign
Coastal Clean-up Activity: Tuloy-tuloy na pangangalaga sa kalikasan

**07**
Tungo sa Malinis na Kapaligiran: SCPC at SLPGC, muling pinarangalan ng DENR Environmental Management Bureau
Libu-libong puno, naitanim ngayong taon ng SCPC at SLPGC
Multipartite Monitoring Team (MMT) Sampling



# Gulayan sa Paaralan ng DepEd, suportado ng SCPC at SLPGC

Namahagi ang SCPC at SLPGC ng vegetable seeds bilang pagsuporta sa programang Gulayan sa Paaralan ng Department of Education noong Setyembre 4, 2024. Kasama sa nabigyan ng seeds ay ang Dacanlao Quest Child Development Center, Dacanlao Elementary School, Dacanlao G. Agoncillo National High School, Calantas Integrated School (Elementary and High School), Baclaran Elementary School, Sampaga Elementary School, at Camastilisan Elementary School.

Ang mga vegetable seeds na ipinamahagi ay maaring magamit ng mga eskwelahan sa kanilang food production at feeding programs na naglalayong matugunan ang nutritional deficiency ng mga mag-aaral.







# Libreng tuli para sa mga barakong Calacazens at Balayeños

82 ang kabuuang benepisyaryo sa isinagawang Operation Tuli ng SCPC at SLPGC noong July 19, 2024. Ang mga benepisyaryo ay mula sa Brgy. Dacanlao, Brgy. San Rafael, at Brgy. Calantas sa Lungsod ng Calaca, at Brgy. Baclaran at Brgy. Sampaga sa Bayan ng Balayan.

Kasabay ng medical mission ay nagsagawa rin ang Philippine Red Cross ng health lecture tungkol sa Dengue para sa magulang ng mga bata. Ito ay para mabigyan sila ng karagdagang kaalaman para mapanatiling ligtas ang kanilang pangangatawan at maiwasan ang pagkakaroon ng dengue.

# Tingnan: SCPC at SLPGC, nagsagawa ng eye check-up activity at Dengue health lecture

Nakatanggap ng libreng eye check up at reading glasses ang 150 na residente ng Barangay Pantay, Quisumbing, at Camastilisan sa isinagawang medical mission ng SCPC at SLPGC. Ang aktibidad na ito ay naisagawa sa tulong ni Dra. Veronica Felix at Calaca City Health Office (CHO).

Kasabay ng libreng eye check-up ay nagsagawa ng free health lecture tungkol sa Dengue ang CHO sa mga residente ng Barangay Pantay at Quisumbing, upang mapalawak ang kaalaman ng bawat indibidwal tungkol sa dengue na karaniwang sakit tuwing tag-ulan.  Bilang bahagi ng programa, namahagi rin ang mga kawani ng flyers na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga sintomas ng dengue at mga paraan upang maiwasan ito






The Current NEW DESIGN - Q3 2024 - Volume 4, Issue 3_8 pages.indd 2-3 12/10/2024 11:03:14 AM



# Ngiting Tagumpay: SCPC at SLPGC nagsagawa ng Dental Medical Mission

97 na mga bata ang nakatanggap ng libreng dental check-up at dental kits sa isinagawang Dental Check Up activity ng SCPC at SLPGC noong Agosto 29-30, 2024. Ito ay ginanap sa Child Development Centers ng Brgy. Baclaran, Carenahan, Caybunga, Sampaga at Durungao.

Bahagi ng medical mission ay ang Dental Health Awareness lecture para sa mga bata at mga magulang upang mabigyan sila ng sapat na kaalaman para sa tamang pag-aalaga ng ngipin.

# SCPC at SLPGC, pinarangalan sa Blood Donors' Recognition Ceremony ng Philippine Red Cross

Tumanggap ng Certificate of Appreciation ang SCPC at SLPGC sa ginanap na Blood Donors' Recognition Ceremony ng Philippine Red Cross (PRC) - Batangas Chapter na may temang "Celebrate Giving, Thank You Blood Donors" noong Septyembre 27, 2024 sa Aquamarine Recreational Center, Lipa City, Batangas.

Ito ay bilang pagkilala sa natatangi nitong serbisyo at mahalagang kontribusyon sa pangangasiwa ng bloodletting activities na nagbibigay ng inspirasyon sa iba na makilahok sa adbokasiyang ito.




Noong 2023 nagsimula ang paglahok ng SCPC at SLPGC sa blood donation drive ng PRC. Sa kasalukuyan, may 369 bags ng dugo na ang naibahagi mula sa mga Voluntary Blood Donation Activities ng kumpanya sa tulong ng mga empleyado at contractors nito.

EDUKASYON

# 24 indibidwal, nagtapos sa Automotive Servicing Training

Pormal nang pinagtibay ang pagtatapos ng 24 na indibidwal mula sa Automotive Servicing NCI and NCII Skills Training Program na inilunsad ng SCPC at SLPGC, katuwang ang Skillstech Batangas Training and Assessment Center Corp. noong Setyembre 20, 2024.

Sumailalim sa 59 na araw na training ang mga kalahok para sa National Certificate I (NCI), at karagdagang 30 na araw naman para sa National Certificate II (NCII).

Tunay na mapalad ang mga benepisyaryo dahil nabigyan sila ng pagkakataon na mas linangin pa ang kanilang kasanayan sa larangan ng pagkumpuni ng mga sasakyan na magagamit nila sa paghahanap ng maayos na trabaho at kabuhayan.

"Maraming salamat po SEM-CALACA at Skillstech Batangas sa oportunindad na makasama po kami sa NCI at NCII Automotive Servicing Training. Asahan po ninyo na hindi masasayang ang mga certificates na nakuha po namin. Malaking tulong po ito para sa amin.", pahayag ni Mary Jane, isa sa mga trainees.











# Brigada Eskwela 2024: pagtutulungan para sa matatag na paaralan

Bilang paghahanda sa nalalapit na pasukan, nagbigay ang SCPC at SLPGC sa 18 eskwelahan ng mga painting materials noong Hulyo 29, 2024. Sa kabuuan ay nasa 8,873 na mag-aaral ang nakinabang sa programang ito.

Nakilahok din ang mga empleyado ng SCPC at SLPGC kasama ang Barangay Health Workers at mga magulang ng daycare students sa Bayanihang Bulilit 2024 ng Dacanlao Quest Child Development Center, kung saan nagtulong-tulong ang mga volunteers sa pagpipintura at paglilinis sa nasabing daycare center.





KOMUNIDAD

# MALASAKIT: Paghahatid ng tulong sa gitna ng sakuna

Pinangunahan ng SCPC at SLGPC ang pamamahagi ng relief goods sa 11 impact barangays sa Lungsod ng Calaca at Bayan ng Balayan na naapektuhan sa pananalasa ng sunod-sunod na habagat at Bagyong Carina.

"Mula sa amin dito sa Brgy. Calantas, maraming salamat po sa tulong na ipinamahagi ninyo, pinaabot din po ng lahat ng nakatanggap ng tulong na maraming salamat daw po", pahayag ni Kapitan Cesar Manguerra ng Brgy. Calantas.

Ang inisyatibong ito ay isinagawa sa pakikipag-ugnayan sa mga opisyal ng Barangay at iba pang lokal na awtoridad upang matulungan makabangon at manumbalik ang pag-asa sa mga apektadong mamamayan.







The Current NEW DESIGN - Q3 2024 - Volume 4, Issue 3_8 pages.indd 4-5
12/10/2024 11:03:21 AM





## WAYS ON WASTES (WOW): Basura ko, Ipon ko Project at Solid Waste Management Awareness Campaign

Opisyal ng inilunsad ng SCPC at SLPGC ang Solid Waste Management Awareness Campaign at Basura ko, Ipon ko project noong Setyembre. Layunin ng programang ito na pagtibayin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa tamang pagtatapon at pagreresiklo ng basura.

Hinihikayat din ng programang ito ang bawat paaralan na gumawa ng mga eco bricks para gawing kapaki-pakinabang ang mga basurang plastik at limitahan ang pagtatapon nito.

Isinagawa ang awareness campaign sa apat na paaralan kabilang na ang Dacanlao G. Agoncillo Elementary School, Calantas Integrated School, Sampaga Elementary School, at Dacanlao G. Agoncillo National High School.

KAPALIGIRAN




## Coastal Clean-up Activity: Tuloy-tuloy na pangangalaga sa kalikasan

Nakalikom ng 375 kilos residual wastes at 80 kilos na recyclable wastes sa isinagawang Coastal Clean-Up activity ng SCPC at SLGPC sa baybayin ng Brgy. Carenahan sa Balayan. Nakilahok din sa aktibidad ang Bantay Dagat, Philippine Coast Guard, mga opisyales ng barangay at MENRO Balayan.

Ang Coastal Clean-up Activity na ito ay isinasagawa tuwing kwarter ng Environmental Section ng SCPC at SLGPC bilang bahagi ng pagpapanatili ng kaayusan ng marine sanctuary sa bayan ng Balayan.













## Tungo sa Malinis na Kapaligiran: SCPC at SLPGC, muling pinarangalan ng DENR Environmental Management Bureau

Sa ikalawang pagkakataon, pinangaralan muli ng DENR Environmental Management ang SCPC at SLPGC bilang pagkilala sa kanilang pakikiisa sa Adopt-an-Estero o Water Body Program sa idinaos na Environmental Summit na may temang "Our Environment, Our Future" nitong Hulyo 25, 2024.

Ang parangal na ito ay isang patunay na patuloy ang SCPC at SLGPC na maging katuwang ng gobyerno sa pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan ng ating kapaligiran, lalo na sa yamang tubig.



## Libu-libong puno, naitanim ngayong taon ng SCPC at SLPGC

Nagsagawa muli ng Tree Planting Activity ang SCPC at SLPGC sa Mt. Patugo, Balayan noong Septyembre 19, 2024. Ang aktibidad na ito ay bilang suporta ng kumpanya sa programang Adopt-a-Forest ng Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Sa loob ng limang taon ay nakapagtanim na ng 35, 000 na puno ang SCPC at SLPGC, kabilang ang 10, 000 puno na naitanim ngayong taon. Ang inisyatibong ito ay naglalayon na mapangalagaan at maprotektahan ang kagubatan.



## Multipartite Monitoring Team, nagsagawa ng testing

Nagsagawa ng testing o sampling ang Envrionmental Section ng SCPC at SLPGC sa planta noong August 13 at 14, 2024. Base sa resulta, ang kumpanya ay sumusunod sa pamantayan at regulasyon na ibinigay ng Department of Environment and Natural Disaster (DENR). Matapos ang pagsasagawa ng testing ay kinumpirma naman ng mga miyembro ng MMT ang naging resulta noong October 15, 2024. Tingnan ang resulta sa huling pahina ng pahayagan.

# MMT RESULTS

We minimize our environmental impacts through responsible management of emissions and plant effluents monitoring. We conduct various monitoring activities regularly, all of which are routinely checked by the Department of Environment and Natural Resources (DENR). These quarterly monitoring activities are done with a DENR-accredited third-party consultant and results of which are validated through a separate Multi-partite Monitoring Team (MMT) validation activity.

## Plant Effluents

*The plants' wastewater discharges should comply with the standards before disposal into the receiving body of water.*

| | pH | B (Boron) | COD | Oil & Grease | Phosphate | TSS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| SCPC | 8.2 | 4.7 | 101 | <1.0 | <0.03 | 6 |
| SLPGC | 8.3 | 4.3 | 178 | <1.0 | <0.01 | 2 |
| DENR Standards | 6.5-8.5 | 25 | 200 | 10 | 4 | 100 |

## Ambient Air Quality

*Ambient air quality is the surrounding air in the environment. Air must be clear and clean for everyone's health.*

| | TSP | $PM_{10}$ | $NO_2$ | $SO_2$ | $PM_{2.5}$ |
|---|---|---|---|---|---|
| UPWIND STATION Brgy. Timbain, Calaca, Batangas | 36 | 21 | 1 | 29 | 0 |
| DOWNWIND STATION Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas | 42 | 25 | 1 | 29 | 5 |
| DENR Standards | 300 | 200 | 260 | 340 | 35 |

## Ambient Noise Quality

*The noise coming from plant operations are controlled so it does not affect the usual daily life of the community.*

**Noise becomes harmful when it exceeds 75 decibels (dB)*

| | Morning | Daytime | Evening | Nightime |
|---|---|---|---|---|
| In front of South Bay Terminal | 55 | 59 | 56 | 53 |
| Ouside Gate 1 | 56 | 61 | 56 | 54 |
| Intersection going to SLPGC | 58 | 59 | 57 | 54 |
| Dacanlao Highway | 60 | 58 | 57 | 56 |
| In front of M. Secreto's house | 60 | 58 | 58 | 56 |
| In front of A. Valencia's house | 60 | 59 | 57 | 56 |
| Water intake before Dacanlao Bridge | 58 | 57 | 56 | 54 |
| In front of SLPGC Water Intake | 55 | 59 | 57 | 54 |
| DENR Standards | 70 | 75 | 70 | 65 |

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0917 1003 876
Email: communityrelations@semcalaca.com

facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
www.semiraramining.com
youtube.com/@semirarampc

SEM-CALACA POWER CORPORATION
SOUTHWEST LUZON Power Generation Corporation

The Current NEW DESIGN - Q3 2024 - Volume 4, Issue 3_8 pages.indd 8
12/10/2024 11:03:28 AM